وسائل الثبات ـ فلبيني

# Mga Paraan
## sa Pagpapapakatatatag



جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي

47

هاتف: ٠١٦ ٤٢٣٤٤٦٦ ـ فاكس: ٠١٦ ٤٢٣٤٤٧٧

جمعية الدعوة بالزلفي

# Mga Paraan ng Pagpapakatatag

## وسائل الثبات – اللغة االفلبينية

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات في الزلفي
Tel: 966 164234466 - Fax: 966 164234477

**وسائل الثبات**
**أعده وترجمه إلى اللغة الفلبينية**
**جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي**
**الطبعة الثالثة: ١٤٤٢/٨ هـ**


**ⓗ شعبة توعية الجاليات بالزلفي، ١٤١٨ هـ**

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية
شعبة توعية الجاليات بالزلفي
وسائل الثبات
٣٦ ص؛ ١٢ × ١٧ سم
ردمك: ــ ٤١ــ ٨١٣ــ ٩٩٦٠
(النص باللغة الفلبينية)
١. الوعظ والإرشاد ٢. الفتن في الإسلام

ديوي ٢١٣ ١٨/١٧٠٩

**رقم الإيداع: ١٨/١٧٠٩**
**ردمك:ــ ٤١ــ ٨١٣ــ ٩٩٦٠**

# وسائل الثبات
# Mga Paraan ng Pagpapakatatag

Tunay na ang papuri ay ukol kay Allah.[1] Nagpupuri tayo sa Kanya, nagpapatulong tayo sa Kanya at humihingi tayo ng kapatawaran sa Kanya. Nagpapakupkop tayo kay Allah laban sa mga kasamaan na nasa mga sarili natin at sa mga masasama sa mga gawa natin. Ang sinumang patnubayan ni Allah ay walang makapagliligaw at ang sinumang iligaw Niya ay walang makapagpapatnubay. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah: tanging Siya lamang, wala Siyang katambal; at sumasaksi rin ako na si Muhammad (SAS)[2] ay Lingkod Niya at Sugo Niya.

Sa pagsisimula, tunay na kabilang sa pinakadakila sa mga katangian ng totoong Muslim at pinakamahalaga

[1] Allah: Ang pansariling pangalan ng Panginoong Diyos sa wikang Arabe. Ito ay isang pangngalang pantangi at hindi pangngalang pambalana, kaya ang mga mga panandang gagamitin sa pagtukoy sa pangalang Allah ay SI, NI at KAY at HINDI ANG, NG at SA. Samakatuwid ang tama ay sabihing: SI Allah, NI Allah at KAY Allah. Ito ang paninindigan ng pinakamataas na awtoridad sa wikang Filipino, ang Komisyon sa Wikang Filipino; at ito rin ang paninindigan ng Ministry of Islamic Affairs sa Saudi Arabia.

[2] (SAS): **S**allalláhu **‘A**layhi wa **S**allam: Basbasan at pangalagaan (o batiin) siya ni Allah. Sinasabi ito kapag ang pangalan o ang taguri ni Propeta Muhammad ay binanggit o kapag siya ay tinutukoy.

sa mga kaibahan niya ay ang katatagan sa Relihiyon niya, ang pagpapanatili sa sarili ng mga kaasalan ng Propeta niya na si Muhammad (SAS), ang pagtulad sa kanya nang walang pag-aatubili roon ni paglihis doon dahil sa isang sumulpot na pag-aalinlangan ni isang di-masupil na udyok ng laman ni laganap na kalituhan dahil ang pag-aatubili sa pagitan ng katotohanan at ang paghinto sa pagsunod sa napagtibay na sunnah[3] pagkatapos ng pagsasabuhay nito ay hindi gawain ng mga alagad ng pananampalataya. Bagkus ito ay gawain ng mga kampon ng pagkukunwari at kawalang-pananampalataya, na nailarawan sa tumpak na Qur'an bilang may mga pagkakasalungatan sa mga salita at mga gawa at pagpapabagu-bago sa paraan ng pagkilos sa lahat ng kalagayan. Sinabi ni Allah (22:11):[4] **"Mayroon sa mga tao na sumasamba kay Allah sa pag-aatubili. Kaya kapag dinapuan siya ng isang mabuti, napapanatag siya rito; at kapag dinapuan siya ng isang pagsubok,**

[3] Ang Sunnah, na may malaking titik na **S**, ay tumutukoy sa kung ano ang sinabi, ang ginawa at ang sinang-ayunan ng Propeta Muhammad (SAS). Ang sunnah naman, na may maliit na titik na **s**, ay tumutukoy sa gawaing kanais-nais gawin dahil ayon sa Sunnah ng Propeta. Ang gawaing sunnah ay kanais-nais ngunit hindi tungkuling isagawa.

[4] Ang mga talata ng Qur'an o mga Hadíth na sinipi rito ay salin lamang mula sa wikang Arabe ng kahulugan ng Salita ni Allah o ng salita ni Propeta Muhammad (SAS), ayon sa kakayahan ng tagapagsalin. Ang salin ng talata ng Qur'an ay isinusulat sa matingkad na titik. Ang salin naman ng mismong salita ni Propeta Muhammad sa Hadíth ay isinusulat sa matingkad na pahilig na titik.

**nanunumbalik siya sa *dating* mukha niya. Naipahamak niya *ang buhay sa* Mundo at Kabilang-buhay. Iyan ay ang maliwanag na pagkapahamak."**

Tunay na ang pananatili sa totoong pamamaraan at ang pagpapakatatag dito ay kabilang sa pinakamahalagang bagay na kinakailangang isaalang-alang at gawin ng isang Mananampalataya. Ang dalawang ito ay ilan sa napakalaki sa mga biyaya na kinakailangang pasalamatan ng isang tao at pangalagaan.

Ang nilalayon ng Pananatili ay ang pananatili sa pagtalima kay Allah, ang pagsasagawa sa anumang ipinag-utos Niya na mga tungkulin, ang paglayo sa anumang ipinagbabawal Niya at ang pamamalagi sa gayong kalagayan.

Ayon kay Sufyán Ibnu 'Abdulláh ath-Thaqafí (RA) na nagsabi: "Sinabi ko: O Sugo ni Allah, magsabi ka sa akin tungkol sa Islam ng isang salitang hindi ako makapagtatanong tungkol doon sa sinuman maliban sa iyo." Nagsabi siya: ***"Sabihin mo: Sumampalataya ako, pagkatapos ay mamalagi kang [gayon]."*** Isinalaysay ito ni Imám Muslim.

Sa Hadíth na ito ipinag-utos ng Sugo (SAS) ang pamamalagi sa pananampalataya at ito ay ang pagsulong ng matuwid na pagsulong na walang anumang paglihis o paglabag. Ito ang katotohanan ng Pananatili.

Samakatuwid, ang Pananatili ay ang pananatili sa Relihiyon mula kay Allah sa panlabas na saloobin at panloob na saloobin, ang pananatili sa pinaniniwalaan, ang pananatili sa pagsamba, ang pananatili sa magandang mga pag-uugali at mabuting mga kaasalan at ang pana-natili sa mabuting pakikitungo. Ito ang buong panana-tili: pananatili sa mga ito sa lahat ng aspeto ng buhay, pananatili sa pagpapahalaga sa masjid, pananatili sa pagpapahalaga sa trabaho, pananatili sa kaasalan sa palengke at pananatili sa kaasalan sa bahay, gaya nga ng sinabi ni Allah (6:162-163): **“Sabihin mo: Tunay na ang dasal ko, ang handog ko, ang buhay ko, at ang kamatayan ko ay para kay Allah, ang Pangi-noon ng mga nilalang—wala Siyang katambal. Iyon ay ipinag-utos sa akin, at ako ay una sa mga Muslim.”**

Kapag nagbalik-loob ang tao at nanatili sa kautusan ni Allah, matatalos niya na siya ay lumipat sa dating buhay tungo sa isang bagong buhay. Siya ay namaalam na sa buhay ng paggawa ng walang kabuluhan at pagliliwaliw at sa buhay ng pagsuway, paglihis at paghihimagsik kay Allah. Tumuon na siya kay Allah. Kaya nararapat na maghanda siya para sa sarili niya ng isang kalagayan na naaangkop sa bagong buhay at magsasagawa ng mga pagbabago sa pamamaraan ng pamumuhay niya.

Ang [masamang] aklat na binabasa niya noon ay papalitan niya ng aklat na pang-Islam. Ang [masamang] magasin na binabasa niya noon, na hindi pang-Islam, ay sisimulan na niyang papalitan ng magasin na pang-Islam. Ang *cassette tape* ng musika at iba pa na pinakikinggan niya noon ay sisimulan na niyang palitan ng *cassette tape* na pang-Islam. Ang pagtulog ay ganoon din; kaya kung natutulog siya dati nang gabing-gabi na ay papalitan niya ito ng pagtulog na maaga upang magising para sa s̲aláh sa fajr. Ang kaibigan at ang kapalagayang-loob na dati niyang nakakasama sa kabulaanan ay papalitan niya ng isang kaibigan at kasamahan na makakasabay niya sa katotohanan at makatutulong dito. Gayon din sa ibang mga gawain.

Ang katatagan sa Relihiyon mula kay Allah ay isang pangu-nahing kahilingan sa bawat tapat na Muslim na nagna-nais na tumahak sa tuwid na landasin nang may matatag na pagpapasya at kapatnubayan. Kapag dumarami ang mga pagsubok at lumalaganap ang mga tukso, duma-rami ang mga natitisod at mga nanunumbalik sa dating masamang gawi. Mayroon sa kanila na natitisod dahil sa takot. Mayroon sa kanila na natitisod dahil sa ambis-yon. Mayroon sa kanila na natitisod dahil sa kawalang-kaalaman.

Sa panahon ngayon na nagbago na ang mga kalakaran, nabaliktad ang mga konsepto, dumami ang mga pagsubok, nagsidatingan ang mga tukso, dumali ang mga daan sa pagkapariwara, lumapit ang kamunduhan bilang tukso sa mga kaluluwa sa pamamagitan ng panandaliang kaginhawahan nito, sa mga panahong ito ay kay laki ng pangangailangan natin sa mapagmalasakit na pagpapatnubay na iyon ng Propeta (SAS), na naglalayo sa isang Muslim sa bawat paglihis at masamang gawi, noong nagsabi siya: ***"O mga lingkod ni Allah, magpakatatag kayo."*** Isinalaysay ito ni Imám Muslim.

Tunay na ang pagpapakatatag sa harap ng mga kagipitan at mga pagsubok at sa harap ng kasalawahanan ng mundo at mga tukso nito ay isang tatak mula sa mga tatak ng mga napatnubayang lingkod ni Allah, na mga nakaaalam na ang mga pagsubok ay isang pagsusulit lamang sa mga mananampalataya at isang panliligalig sa mga nalilibang na nagpapabaya. Ang pangkat na sumasampalataya ay hindi nababago ang pananampalataya nila ng mga kapighatian. Bagkus, tunay na ang mga kapighatian ay nagdaragdag doon ng pananalig sa katumpakan ng sinusunod na landas. Ang kahalagahan ng pagpapakatatag sa daan na tinatahak ay nagsabi ng ganito ang Panginoon (29:1-3): **"Alif. Lám. Mím. Inakala ba ng mga tao na hahayaan silang magsabi:**

**Sumampalataya kami, nang hindi sila susubukin? Talagang sinubok na Namin ang mga nauna sa kanila kaya talagang nalalaman nga ni Allah ang mga nagpakatotoo at talagang nalalaman nga Niya ang mga nagsisinungaling.”**

Tunay na ang pagpapakatatag ay nangangahulugan na magpapatuloy ang isang tao sa daan ng patnubay at sa pananatili rito at na pamamalagiin niya ang paggawa ng mga kabutihan. Magpupunyagi siya na maging masikap sa pagdadagdag nito. Maghahangad siya palagi na ang ngayon niya ay mainam kaysa sa kahapon niya at ang bukas niya ay mainam kaysa sa ngayon niya, yamang ang bawat araw na nagdaraan ay naglalapit sa kanya sa Kabilang-buhay. Hindi maiiwasan sa bawat tao na dumaan siya sa mga sandaling tumatabang ang sigasig niya, gayunpaman ang mananampalataya ay nagpupunyagi laban sa sarili niya at nagtitiis sa pagpapanatili sa matuwid na gawain at sa paghabol sa bagay na kinasasalayan ng tagumpay niya at kaligtasan sa kaligtasan niya sa araw ng Pagkabuhay. Nagsasabi ang Panginoon (3:200): **“O mga sumampalataya, magtiis kayo, humigit kayo sa pagtitiis, magbantay kayo sa hangganan, at mangilag kayong magkasala kay Allah nang harinawa kayo ay magtatagumpay.”** Nagsasabi pa Siya (57:21): **“Makipag-unahan kayo tungo sa isang kapatawaran mula sa Panginoon**

**ninyo at isang paraiso na ang luwang nito ay gaya ng luwang sa pagitan ng langit at lupa,"** Kahit tumabang man ang sigasig ng isang tao, mayroong isang takdang pamantayan na hindi matatanggap sa kanya na bumaba pa siya roon o magkulang pa roon. Kung matisod ang paa niya dahil sa pagsuway, hindi na niya patatagalin na manumbalik at magbalik-loob sa Panginoon niya.

Bumanggit na si Allah sa Kapahayagan Niya ng ilang sari-saring larawan ng pagpapakatatag sa buhay ng isang Muslim. Iyon ay walang iba kundi upang madama ng isang Muslim ang kahalagahan ng usaping ito at upang pag-ukulan niya ng pagsisikap niya sa panunumbalik sa antas ng mga ninuno niya sa pananampalataya na kinabibilangan ng mga Kasahamahan ng Sugo (SAS) at mga Tagasunod nila.

Nakasalalay ang kahalagahan ng pananatili at katatagan sa pananampalataya at ng matuwid na gawain sa ilang bagay. Ang sumusunod ay ang ilan:

Ang kalagayan ng mga lipunan sa kasalukuyan na pinaninirahan ng mga Muslim, ang mga uri ng mga pagsubok at mga tukso na sa apoy ng mga ito ay nadadarang sila, at ang mga klase ng mga masamang hilig at mga maling akala na dahil sa mga ito ang Relihiyong Islam ay pinagtatakahan kaya naman nagkamit ang mga sumusunod dito ng kakaibang paghahalim-

bawa na sinabi nga ng Sugo (SAS): ***"May darating sa mga tao na isang panahon na ang matiisin sa kanila sa relihiyon niya ay gaya ng humahawak sa baga."*** Itinala ito ni Imám at-Tirmidhí.

Walang duda para sa bawat may isip na ang panga-ngailangan ng Muslim sa ngayon sa mga pamamaraan ng pagpapakatatag ay higit na malaki kaysa sa panga-ngailangan ng kapwa niya noong panahon ng mga sina-unang Muslim, at ang hinihiling na pagsisikap upang maisakatuparan ang pagpapakatatag ay higit na malaki. Iyon ay dahil sa katiwalian ng panahon ngayon, kada-langan ng mga tunay na kapatid sa pananampalataya, kahinaan ng makatutulong at kakakauntian ng tutulong.

# Ilan sa mga Pamamaraan sa Pagpapakatatag

Tunay na bahagi ng awa ni Allah sa atin ay na nilinaw Niya sa atin, sa Aklat Niya at ayon sa sinabi ng Propeta Niya (SAS) at gayon din sa talambuhay nito, ang maraming pamamaraan ng pagpapakatatag. Maglalahad tayo ng ilan sa mga ito:

**1. Ang Pagdulog sa Qur'an.** Ang Qur'án ay ang unang paraan ng pagpapakatatag. Ang sinumang kumakapit dito ay pangangalagaan ni Allah; ang sinumang sumusunod dito ay ililigtas ni Allah; ang sinumang ito ang ipanangangaral ay papatnubayan sa tuwid na landas. Nabanggit ni Allah na ang dahilan kung kaya ibinaba ang Qur'án nang unti-unti at baha-bahagi ay ang pagpapatatag nito sa isip. Sinabi Niya sa paglalahad ng tugon sa maling akala ng mga tumatangging sumampalataya (25:32-33): **"Sinabi ng mga tumangging sumampalataya: Bakit kaya hindi ibinaba sa kanya ang Qur'án nang iisang buo?" Gayon *ang pagbababa* upang Aming patatagin ang puso mo sa pamamagitan niyon. Binigkas Namin ito nang unti-unti. Wala silang dinalang paghahalimbawa na hindi Namin dinadala sa iyo ang katotohanan at higit na magaling na pagpapaliwanag."**

Bakit ang Qur'án ang pinagmumulan ng pagpapatatag sa pananampalataya?

- Dahil ito ay nagtatanim ng pananampalataya at nagpapalakas sa ugnayan ng tao sa Panginoon niya.
- Dahil tinutugon nito ang mga maling akala na inilalahad ng mga kaaway ng Islam gaya ng mga Káfir at mga Munáfiq.
- Dahil naglalaan ito sa isang Muslim ng mga panuntunan, mga tamang katuruan na gumagawa sa kanya na isang nakaaalam sa katotohanan at isang nagtitiwala sa katumpakan ng sinusunod niyang landas.

**2. Ang Kaalaman**. Ang naglalakad nang walang kaalaman ay tulad ng naglalakad sa dilim, at ang naglalakad sa dilim ay nasasadlak sa mga kapinsalaan at baka masugatan pa sa daan nang hindi niya nararamdaman. Ganoon din ang kumikilos nang walang kaalaman, madali siyang masasadlak sa mga tukso, mga maling akala at mga masamang hilig.

Hindi maiiwasan ng naghahanap ng kaalaman tungkol sa Islam na isaalang-alang ang mga sumusunod:

- Ang wagas na pag-uukol ng layunin kay Allah
- Na lalayunin sa paghahanap ng kaalaman ang pagpawi ng kamangmangan sa sarili
- Na lalayunin sa paghahanap ng kaalaman ang pagpawi ng kamangmangan sa sambayanang Muslim

- Na lalayunin sa paghahanap ng kaalaman ang pagpapanatili sa Batas ng Islam at pagtatanggol dito
- Na lalayunin sa paghahanap ng kaalaman ang pagpapalaganap sa tamang Kapaniwalaan sa Islam

**3. Ang Pananatili sa Patakaran ni Allah at Matuwid na Gawa.** Sinabi ni Allah (14:27): **“Patatatagin ni Allah ang mga sumasampalataya sa pamamagitan ng matatag na salita sa buhay sa Mundo at sa Kabilang-buhay. Pinaliligaw ni Allah ang mga lumalabag sa katarungan at ginagawa ni Allah ang anumang ninanais Niya.”**

Sa buhay sa mundo ay pinatatatag Niya sila sa pamamagitan ng kabutihan at matuwid na gawa, at sa Kabilang-buhay o sa libingan [kapag nailibing na] ay [sa pamamagitan ng pagpapasagot] sa itinatanong sa kanila ng dalawang anghel tungkol sa Panginoon nila, Relihiyon nila at Propeta nila. Sasagutin nila ito ng tama. Nagsabi si Allah (4:66): **“Kung sila ay nagsagawa ng ipinangangaral sa kanila, talagang iyon sana ay mainam para sa kanila at higit na matindi sa pagpapatatag.”** Ibig sabihin sa pagpapakatatag sa katotohanan. Ito ay malinaw, ngunit may maaasahan kayang pagpapakatatag sa panig ng mga tamad na umiiwas sa mga matuwid na gawa kapag lumitaw na ang mga pagsubok? Sa kabilang dako ang mga sumasampala-

taya at gumagawa ng matuwid ay papapatatagin ng Panginoon nila. Dahil doon, sinisipagan ng Propeta (SAS) ang paggawa ng mga matuwid na gawa. Ang pinakaibig na gawain para sa kanya ay ang higit na namamalagi kahit pa man kakaunti.

**4. Ang pagninilay-nilay sa kasaysayan ng mga propeta at ang pag-aaral sa mga ito upang tularan at isagawa.** Ang patunay niyon ay ang sinabi ni Allah (11:120): **"Lahat ng isinalaysay Namin sa iyo na mga balita hinggil sa mga sugo ay ang ipinapampatatag Namin sa puso mo. Dumating sa iyo sa mga ito ang katotohanan, isang pangaral at isang paalaala para sa mga mananampalataya."**

Hindi ibinaba ang mga talatang ito ng Qur'án noong kapanahunan ng Sugo ni Allah (SAS) para pagpalipasan ng oras at paglibangan, bagkus ay para lamang sa isang dakilang layunin na patatagin ang pananampalataya sa puso ng Sugo (SAS) at mga puso ng mga mananampalataya na kasama niya.

**5. Ang pananalangin.** Kabilang sa mga katangian ng mga lingkod ni Allah na mananampalataya ay na sila ay bumabaling kay Allah nang may dalangin na patatagin Niya sila. Ang panalangin ay kabilang sa napakamahalagang mga dahilan ng pagtamo ng katatagan. Ang ilan sa mga panalangin ay ang sumusunod:

- **rabbaná lá tuzigh qulúbaná ba‘da idh hadaytaná. (Qur’an 3:8).**[5]
- **rabbaná afrigh ‘alayná sabran wa thabbit aqdámaná. (Qur’an 2:250).**[6]

Ang Sugo ni Allah (SAS) ay madalas noon nagsasabi ng ganito sa panalangin niya: **yá muqallibal qulúbi thabbit qalbí ‘alá dínik.**[7] Isinalaysay ito ni Imám at-Tirmidhí.

**6. Ang Pag-alaala o Pagbanggit kay Allah.** Tunay na ang madalas na pag-alaala o dhikr kay Allah ay kabilang sa napakanapakikinabangan na mga pamamaraan ng pagpapatatag ng pananampalataya sapagkat tunay na ito ay may napakabigat na epekto sa pag-aangat ng mga espirituwal na sigla sa mga diwa ng mga mananampalataya. Iyon ay dahil sa ang pagbanggit kay Allah ay nagkakaroon ng pag-kakaugnay sa isang lakas na hindi madadaig.

**7. Ang Paghahangad ng Isang Muslim sa Pagtahak sa Tamang Landas.** Iyan ay sa pamamagitan ng tamang pagkaunawa sa Islam, na tatanggapin niya mula

---

[5] Panginoon namin, huwag Mo palihisin ang mga puso namin matapos patnubayan Mo kami.

[6] Panginoon namin, buhusan Mo kami ng tiyaga sa pagtitiis at patatagin Mo ang mga paninindigan namin.

[7] O Tagapagbago (Allah) ng mga puso, patatagin Mo po ang [pananatili ng] puso ko sa Relihiyon Mo.

sa Qur’an at Sunnah. Mag-iingat siya laban sa mga kaisipang naliligaw at mga paniniwalang nalilihis. Sinasabi ng Sugo (SAS) sa isang Hadíth na isinalaysay ni al-‘Irbád Ibnu Sáriyah (RA): ***“Tunay na ang sinumang mabubuhay sa inyo kapag wala na ako ay makakikita ng maraming pagkakasalungatan, kaya sundin ninyo ang Sunnah ko at ang Sunnah ng napatnubayan na mga Khalífah, panghawakan ninyo ito, kagatin ninyo ito ng mga bagang. Mag-ingat kayo sa mga ginawa-gawang bagay sapagkat tunay na ang bawat ginawa-gawa ay bid‘ah at ang bawat bid‘ah ay pagkaligaw.”*** Itinala ito nina Imám Ahmad, Imám Abú Dáwud, Imám at-Tirmidhí at Imám Ibnu Májah.

**8. Ang Edukasyon.** Ang edukasyon sa pananampalataya na batay sa kaalaman, na may kamalayan, na dahan-dahan ay isang pangunahing dahilan mula sa mga dahilan ng katatagan.

- Ang edukasyon sa pananampalataya ay ang nagbibigay-buhay sa puso at budhi sa pamamagitan ng takot, pag-asa, at pag-ibig kay Allah.
- Ang edukasyong batay sa kaalaman ay ang bumabatay sa wastong patunay, na salungat sa bulag na pagsunod at utu-utong pagsunod.

- Ang edukasyong may kamalayan ay ang hindi sumusunod sa landas ng mga makasalanan, pinag-aaralan ang mga plano ng mga kaaway ng Islam at nakauunawa sa reyalidad.
- Ang edukasyong dahan-dahan ay ang nagsusulong sa isang Muslim nang hinay-hinay ayon sa mga kakayahan niya at mga magagawa niya, na taliwas sa kawalang-paghahanda, pagmamadali at nakasisirang mga pabigla-biglang pagpapasya.

Kinakailangan na ang pagbibigay-pansin sa edukasyon ay magmula sa pagkabata dahil ang kabataan sa panahong iyon ay nagtataglay ng malusog na isip at dalisay na puso, na magiging madali na madala sila sa kapuri-puring mga kaasalan at marangal na mga katangian. Ito ay sa kondisyon na uugma ang edukasyon sa mga pangangailangan at mga hihinihiling ng tao nang walang paglalabis at pagkukulang.

Upang matalos natin ang kahalagahan ng sangkap na ito na kabilang sa mga sangkap ng pagpapakatatag, balikan natin ang talambuhay ng Sugo ni Allah (SAS) at tanungin natin ang mga sarili natin. Ano ang pinanggalingan ng katatagan ng mga Kasamahan ng Propeta (SAS) sa Makkah noong panahon ng paniniil? Maaari bang ang katatagan nila ay hindi sa pamamagitan ng malalim na edukasyon mula sa tanglaw ng Propeta (SAS)?

Kunin nating halimbawa ang isang Kasamahan ng Propeta (SAS) na si Khabbáb ibnu al-Arrat (RA). Ang babaeng amo niya noon ay nagpapainit ng mga pantuhog na bakal hanggang sa magbaga ang mga ito, pagkatapos ay idinidiit nito ang mga ito sa hubad na likod niya. Walang pumapatay sa baga kundi ang taba sa likod niya kapag dumaloy ito sa mga pantuhog. Ano ang nagtulak sa kanya na pagtiisan ang lahat ng ito?

Gayon din si Bilál, ano ang nagpapatatag sa kanya habang dinadaganan ng malaking tipak na bato na nakahiga sa napakainit na buhangin at sa ilalim ng bigat na matinding pagpapahirap? Gayon din sina Sumayyah, ang asawa niya at ang anak niya, ano ang gumawa sa kanila na magtiis sa kabila ng natatamo nila na pagpapahirap kung hindi dahil mayroong isang seryosong edukasyon na nagpalalim sa pananampalataya at nagkintal nito sa mga kaluluwa nila?

**9. Ang Pagtitiwala sa Landas ng Islam.** Walang alinlangan na sa tuwing nadagdagan ang tiwala sa katumpakan ng landas ng Islam na tinatahak ng isang Muslim, ang katatagan ng pananatili niya rito ay lalong malaki. Ito ay may mga pamamaraan na ang ilan ay ang sumusunod:

- Ang pagkadama na ang tuwid na landas na tinatahak mo ay tinahak na rin noong wala ka pa ng mga propeta, mga matatapat, mga pantas, mga martir at mga matutuwid. Kaya dapat lamang na maglaho ang paninibago mo at dapat mapalitan ang kapanglawan mo ng pagkapalagay ng loob, ang lumbay mo ng saya at lugod, dahil ikaw ay dapat makadama na ang lahat ng iyon ay mga kapatid mo sa daang tinatahak at alituntunin.
- Ang pagkadama ng paghirang ni Allah. Nagsabi si Allah (27:59): **"Ang papuri ay ukol kay Allah at kapayapaan sa mga lingkod Niya na hinirang Niya."**
- Ano kaya ang magiging pakiramdam mo kung nilikha ka ni Allah na isang di-Muslim na walang paniniwala sa Diyos o isang mangangaral ng mga bagay na salungat sa Islam o isang makasalanan?

Hindi mo ba naisip na ang pagkadama mo ng paghirang ni Allah sa iyo at ang paggawa sa iyo na nasa tamang alituntunin, batay sa alituntunin ng Propeta (SAS) at ng mga Kasamahan niya (RA) noon ay kabilang sa mga sangkap ng katatagan mo sa pananatili sa alituntunin mo at landas mo?

**10. Ang pagsasagawa ng pag-aanyaya tungo kay Allah.** Ang tao, kung hindi kumikilos, ay narurumihan. Kabilang sa napakadakilang mga larangan ng pagpapakilos sa tao ay ang pag-aanyaya tungo kay Allah sapagkat ito ay gawain ng mga sugo. Kapag ang sarili ay hindi mo ginamit sa pagtalima kay Allah, gagamitin ka nito sa pagsuway sa Kanya. Ang pananampalataya ay nadaragdagan at nababawasan. Nadaragdagan ito sa pamamagitan ng pagtalima at nababawasan sa pamamagitan ng pagsuway.

Kaya ang pag-aanyaya, dagdag pa sa malaking gantimpalang matatamo rito, ay isa sa mga pamamaraan ng pagpapakatatag dahil ang lumulusob ay hindi na nangangaailangan sa pagtatanggol. Si Allah ay kasama ng mga mangangaral ng Islam, na nagpapatatag sa kanila at nagtatama sa hakbang nila. Ang mangangaral ay tulad ng isang manggamot: nakikipagdigma laban sa sakit sa pamamagitan ng karanasan at kaalaman niya. Ang gantimpalang inilaan sa gawaing ito ay malaki rin. Nagsasabi si Allah (41:33): **"Sino pa ang higit na maga-ling sa pananalita kaysa sa kanya na nag-anyaya tungo kay Allah, gumawa ng matuwid at nagsabi: Tunay na ako ay kabilang sa mga Muslim."** Nag-sasabi naman ang Sugo (SAS): ***"Ang patnubayan ni Allah sa pamamagitan mo ang isang tao ay***

***higit na mabuti para sa iyo kaysa sa magkaroon ng pinakamainam na yaman."***

**11. Ang pakikiisa sa mga taong nagpapatatag sa pananampalataya.** Ang mga taong ito na ang ilan sa mga katangian nila ay ibinalita sa atin ng Propeta (SAS) sa pamamagitan ng sinabi niya: ***"Tunay na sa mga tao ay mayroong nagsisilbing mga susi ng kabutihan at mga kandado ng kasamaan."*** Isinalaysay ito ni Imám Ibnu Májah ayon kay Anas (RA).

Ang paghahanap ng mga marunong sa Islam, mga kapatid na nagpapayo at pakikiisa sa kanila ay isa sa mga mahalagang dahilan sa pagpapakatatag. Ang matuwid na mga kapatid mo, ang mga ulirang halimbawa at ang mga edukador ay tulong para sa iyo sa landas. Patatatagin ka nila sa pamamagitan ng mga talata ng Qur'án at karunungan na taglay nila. Dumikit ka sa kanila, mamuhay ka kasama nila at mag-ingat ka sa pag-iisa dahil baka dagitin ka ng mga demonyo dahil ang nilalamon lamang ng lobo ay ang mga tupang napalayo sa kawan.

**12. Ang pananalig sa tulong ni Allah at na ang hinaharap ay para sa Islam.** Sinasabi ni Allah (47:7): **"O mga sumampalataya, kung tutulungan ninyo si Allah ay tutulungan Niya kayo at patatatagin Niya ang mga paa ninyo."**

**13. Ang pagkakaalam sa kung ano ang reyalidad ng kabulaanan at ang hindi pagpapalinlang dito.** Ayon sa sinabi ni Allah (3:196-197): **"Huwag ka ngang malinlang ng pinagkakaabalahan ng mga tumangging sumampalataya sa bayan. Isang katiting na kasayahan at pagkatapos ay ang magiging tuluyan nila ay ang Impiyerno, at kaaba-abang himlayan!"** Pinaalalahanan nito ang mananampalataya na huwag palilinlang sa kung ano man ang mga taong nasa kabulaanan, kung ano man ang natatamo nila at sa kung ano man ang nararating nila na kalamangan. Ang hantungang nila, ano man ang mangyari, ay Impiyerno na kaaba-abang hantungan.

**14. Ang pagsasaasal ng mga kaasalang nakatutulong sa pagpapakatatag.** Ang nangunguna sa mga ito ay ang pagkamatiisin. Ayon sa isang tamang Hadíth: ***"Walang ibinigay sa isa man na anumang bigay na higit na mabuti at higit na malawak kaysa sa pagkamatiisin."***

**15. Ang pagpapatagubilin sa taong matuwid.** Kaya sigasigan mo, marangal na kapatid, ang magpatagubilin (o magpapayo) sa mga matutuwid at isaisip mo iyon kapag sinabi sa iyo.

- Hingin mo ito bago maglakbay kapag natatakot ka sa anumang maaaring mangyari.

- Hingin mo ito sa sandali ng pagsubok o bago datnan ng inaasahang pagsubok.
- Hingin mo ito kapag itinalaga ka sa isang katungkulan o kapag nagmana ka ng ari-arian at yaman.

Patatagin mo ang sarili mo at patatagin mo ang kapwa mo. Si Allah ang Tagatangkilik ng mga mananampalataya.

**16. Ang pagbubulay-bulay sa kaginhawaan sa Paraiso at pagdurusa sa Impiyerno at ang pag-aalaala sa kamatayan.** Ang Paraiso ay lugar ng mga pagsasaya, gantimpalang pampalubag-loob sa mga kalungkutan at hantungan ng paglalakbay ng mananampalataya. Ang kaluluwa ay nilikhang likas na ayaw magpakasakit, gumawa at magpakatatag kung walang isang kapalit na magpapagaan para sa kanya sa mga hirap at magpapanaig sa kanya sa mga sagabal at mga pahirap na nasa landas. Ang nakaaalam sa gantimpala ay magiging hamak sa kanya ang hirap ng paggawa. Siya ay sumusulong habang nalalaman niya na kapag hindi siya nagpakatatag ay makakawala sa kanya ang Paraiso na ang luwang ay gaya ng pagitan ng mga langit at lupa.

Ang pag-aalaala sa kamatayan ay mangangalaga sa isang Muslim laban sa panunumbalik sa dating gawi at pipigil sa kanya na lampasan ang mga hangganan ng mga ipinagbawal ni Allah kaya hindi niya lalaba-

gin ang mga ito. Ito ay dahil kapag nalaman niya na ang oras ng kamatayan niya ay maaaring ilang sandali na lamang, papaano pa niyang hahayaan ang sarili niya na matisod o magpatuloy sa kabaluktutan. Dahil dito ay sinabi ng Propeta (SAS): ***"Dalasan ninyo ang pag-alaala sa [kamatayan na] tagawasak ng mga sarap."*** Itinala ito ni Imám at-Tirmidhí.

## Mga Sandali ng Pagpapakatatag

**1. Ang Katatagan sa mga Pagsubok** yamang isa sa mga anyo ng pagpapakatatag sa pananampalataya ay ang pagpapakatatag sa mga araw ng pagtitiis, na magiging karapat-dapat ang nagtitiis sa mga araw na iyon ng gantimpala ng limampung Kasamahan ng Propeta (SAS). Ito ay dahil sa ginagawa niya na dakilang kabutihan sa pagpapakatatag niya sa sandali ng mga pagsubok. Ayon sa isang Hadíth: "Nagsasabi ang Sugo (SAS): ***Tunay na sa likod ninyo ay mga araw ng pagtitiis. Ang magpapakatatag sa mga [sandaling] iyon sa araw na iyon ay may gantimpala [na katumbas] ng limampu mula sa inyo sa panahon ngayon ninyo.*** Nagsabi sila: O Sugo ni Allah, o mula sa kanila? Nagsabi siya: ***Bagkus, mula sa inyo.***"

## Ilan sa mga Uri ng Pagsubok

**A. Pagsubok na dulot ng tukso ng kayamanan at reputasyon.** Hinggil sa panganib ng dalawang tukso ng pagsubok na ito ay nagsabi ang Propeta (SAS): ***"Ang dalawang gutom na lobo na ipinadala sa mga tupa ay hindi higit na mapanira sa mga ito kaysa sa ikasisira sa pananampalataya ng tao dulot ng paghahangad niya sa yaman at karangalan."***

Ito ay nangangahulugan na ang paghahangad ng tao sa yaman at karangalan ay higit na matindi ang pinsala na dulot sa pananampalataya kaysa sa pinsalang dulot ng dalawang gutom na lobo na ipinadala sa mga tupa.

**B. Ang pagsubok na dulot ng asawa at mga anak**. Sinasabi ni Allah (64:14): **"O mga sumampalataya, tunay na mayroon sa mga maybahay ninyo at mga anak ninyo na kaaway para sa inyo kaya mag-ingat kayo sa kanila."**

**C. Ang pagsubok na dulot ng pang-aapi, paniniil, at kawalan ng katarungan** at ang pagtatangkang hadlangan ang isang Muslim sa pagtupad sa Relihiyon nito.

**D. Ang pagsubok na hatid ng Bulaang Kristo.**[8] Ang Sugo (SAS) ay nagbababala sa atin laban sa pagsubok dulot ng tukso ng Bulaang Kristo. Inutusan niya tayo,

---

[8] Sa Arabe, al-Masíh ad-Dajjál: nagpapanggap na kristo o antikristo.

kung daranasin iyon, na magtiis, magpakatatag at hindi magpalinlang sa tataglayin niya na mga nakikitang pisikal na kapangyarihan. Nagsabi siya: ***"Kaya ang sino man sa inyo na makakita sa kanya ay bigkasin niya roon ang mga unang talata ng Súrah al-Kahf. Tunay na siya ay daanan sa pagitan ng Shám[9] at Iraq. Pagkatapos ay mananalanta sa kanan at mananalanta sa kaliwa; mga lingkod ni Allah, magpakatatag kayo!"*** Itinala ito Ibnu Májah (3294) mula sa Hadíth na isinalaysay ni an-Nawás Ibnu Sam'án.

Bumanggit na sa atin ang Sugo ni Allah (SAS) ng isang halimbawa sa pagpapakatatag na ito noong ibinalita niya sa atin ang katotohanan tungkol sa isang lalaking mananampalataya na magpapakatatag sa harap ng tuksong pagsubok mula sa Bulaang Kristo at ang katiyakan sa pananampalataya ay ang magiging sandata niya sa pagpapakatatag na iyon. Nabanggit sa Sahíh al-Bukhárí 1882: ***"Darating ang Bulaang Kristo at ipagkakait sa kanya na makapasok sa mga pasukan ng Madínah. Tutuloy siya sa ilan sa mga maasin na pook na nasa sa tabi ng Madínah. Pagkatapos ay pupunta sa kanya ang isang lalaki na napakabuti sa mga tao o kabilang sa napakabuti sa mga tao at magsasabi: Sumasaksi ako na Ikaw ay ang Bulaang***

[9] Ang tawag sa bahagi ng Gitnang Silangan na binubuo sa ngayon ng Syria, Lebanon, Palestina at Jordan. Ang Tagapagsalin.

***Kristo na nagsalaysay ng tungkol sa iyo ang Sugo ni Allah (SAS) sa sanaysay niya. Kaya magsasabi ang Bulaang Kristo: Sa tingin kaya ninyo kung papatayin ko ito at bubuhayin ko, pag-aalinlangan ba ninyo ang kalagayan [ko]? Kaya magsasabi sila na hindi. Kaya papatayin niya ito. Pagkatapos ay bubuhayin niya ito at magsasabi ito kapag binuhay niya ito: Sumpa man kay Allah, hindi ako noon higit na matindi sa pagkakaalam [sa iyo kaysa sa [pagkakaalam] ko ngayong araw. Kaya sasabihin ng Bulaang Kristo na papatayin niya [muli] ito ngunit hindi na niya kakayanin.”***

**2. Ang Katatagan sa Pakikibaka.** Tunay na ang mga nagpapakatotoong mananampalataya ay hindi nadadagdagan ng kalansing ng mga tabak at palaso ng kamatayan sa harap ng mga hukbo ng mga kaaway ni Allah kundi higit ang pagpapakatatag, pagpapakasakit at pagdaop sa mga kamay ng Nag-iisang Diyos, na mga nagsisiasa sa tulong Niya, suporta Niya at kapatawaran Niya. Nagsasabi si Allah (3:146-147): **“Kay raming propeta na nakipaglaban kasama niya ang maraming makapanginoon at hindi sila pinanghinaan ng loob sa dumapo sa kanila sa landas ni Allah, hindi sila nanghina at hindi sila nangayupapa. Si Allah ay umiibig sa mga nagtitiis. Walang iba ang sinabi**

**nila kundi na nagsabi sila: Panginoon namin, patawarin Mo po kami sa mga pagkakasala namin at pagmamalabis namin sa nagawa namin, patatagin Mo po ang mga paa namin at tulungan Mo po kami laban sa mga taong tumatangging sumampalataya."** Dahil doon, ang magiging resulta ng pagtitiis at pag-papakatatag na iyon ay kaligayahan sa mundo kalakip ng pinakahihintay ng mga nagtataglay ng mga ito na magandang ganti sa Kabilang-buhay.

**3. Ang Katatagan sa Alituntunin.** Tunay na ang totoong Muslim ay ang nagsisigasig nang buong sigasig sa pagpapatupad ng mga katuruan ng Islam at nagsisigasig din sa pagwaksi sa mga bid'ah, mga pagsuway at mga panggambala sa pagsamba. Kumakapit siya sa Sunnah upang maging kabilang sa mga karapat-dapat sa kaligtasan, ayon sa kapahintulutan ni Allah. Ang mga tagaanyaya sa mga bid'ah ay marami, lalo na sa panahong ito. Idinadagdag nila ang mga bid'ah sa Batas ng Islam. Hindi nila nalaman na ang Batas ni Allah ay lubos at walang kulang. Dahil doon, isinasatungkulin sa isang Muslim ang pag-iingat laban sa pagkakasadlak sa mga bid'ah sa Relihiyon.

**4. Ang Katatagan sa Sandali ng Kamatayan.** Tunay na ang mga alagad ng kawalang pananampalataya at

kasalanan ay pagkakaitan ng katatagan sa napakatinding mga sandali ng kapighatian. Kaya hindi nila mabibigkas ang **shahádah** sa bingit ng kamatayan. Ito ay ilan sa mga tanda ng kasagwaan ng wakas. Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Ang sinumang ang huling salita niya ay* lá iláha illalláh *ay papasok sa Paraiso."*** Sunan Abú Dáwud. 2673. Walang magtatagumpay sa pagbigkas ng shahádah kundi ang mga nagpapakatotoong mananampalataya. Ang sumusunod ay ilan sa mga halimbawa ng kasagwaan ng wakas:

May sinabihan na isang taong nalalapit na ang kamatayan niya na magsabi ng ***Lá Iláha Illalláh*** ngunit nagsimula siyang umiling; tumatanggi siya na sabihin ito. May ikalawa namang nagsasabi, kahit nasa bingit na ng kamatayan: "Ito ay isang mainam na piraso; ito ang bilhin mo, mura." May ikatlo pang naghihingalo na bumabanggit ng mga pangalan ng piyesa ng *chess*. May ikaapat naman na humihiging[10] ng mga himig o mga kataga ng mga awitin o romantikong bukang-bibig.

Ganoon ang nangyari dahil ang tulad sa mga bagay na ito ay dating pinagkakaabalahan nila sa halip na pag-aalaala at pagsamba kay Allah. Kaya hindi sila nagtagumpay sa pagbanggit sa shahádah. Maaaring kakitaan ang iba sa kanila ng pangingitim ng mukha o magka-

[10] Inaawit sa napakahinang tinig na halos ugong na lamang ang naririnig.

roon ng umaalingasaw na amoy o pagbaling palayo sa Qiblah paglabas ng mga kaluluwa nila. Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah!

Sa kabilang dako, ang mga alagad ng pagkamatuwid at Sunnah, si Allah ay magkakaloob sa kanila ng katatagan sa bingit ng kamatayan. Kaya mabibigkas nila ang **shahádah** o makikita sa kalagayan nila ang nagpapahiwatig sa kagandahan ng wakas. Maaaring kakitaan ang mga ito ng pagniningning ng mukha o magkaroon ng mabangong halimuyak o isang uri ng kagalakan sa sandali ng paglabas ng mga kaluluwa nila, yamang binabalitaan sila ng mga anghel ng pagpasok sa Paraiso.

Ang mga tulad sa mga taong ito ay ganito ang sinabi ni Allah tungkol sa kanila (41:30): **"Tunay na ang mga nagsabi: Si Allah ang Panginoon namin, at pagkatapos ay nananatiling matuwid, magsisibabaan sa kanila ang mga anghel *na nagsasabi*: Huwag kayong mangamba, huwag kayong malungkot at magalak kayo sa Paraiso na sa inyo noon ay ipinangako."**

# Ilan sa mga Halimbawa ng Pagpapakatatag

**Si Bilál Ibnu Rabáh.** Si Bilál ay ang dating aliping taga-Ethiopia at ang unang mu'adhdhin ng Sugo (SAS), malugod nawa sa kanya si Allah at palugurin siya. Nakarinig ang alipin na ito tungkol kay Muhammad (SAS) at sa paanyaya nito. Nagdali-dali siya sa pag-pasok sa Relihiyon mula kay Allah. Nang malaman ng amo niya na si Umayyah Ibnu Khalaf ang tungkol sa pag-yakap niya sa Islam ay kaagad na sumambulat ito at nagalit. Sinimulan ito ang pagpapahirap sa kanya upang talikuran niya ang Islam. Hinagupit siya nang matindi. Ibinilad sa araw nang walang tubig ni pagkain. Nilagyan ng malaking tipak na bato ang dibdib niya habang siya ay paulit-ulit na nagsasabi: Iisa, iisa. Sa tuwing nadaragdagan ang pahirap ay nadaragdagan ang pag-uulit-ulit niya ng walang hanggang panawagang ito. Tumagal ang pagpapahirap hanggang sa magsawa ang amo niya sa pagpapatuloy sa pagpapahirap na iyon kasabay ng pagpupumilit ni Bilál sa pagyakap niya sa Islam. Pumunta si Abu Bakr (RA) sa amo ni Bilál at nakipagtawaran roon hanggang sa nabili niya ito mula roon. Pagkatapos ay pinalaya siya nito.

Sa dakilang laban sa Badr ay naganap ang pagtatagpo sa pagitan ni Bilál at Umayyah Ibnu Khalaf na matagal na nagpahirap sa kanya upang talikuran niya ang pananampalataya. Ang pagkasawi ni Umayyah na ito ay naganap sa kamay ni Bilál mismo.

**'Ammár Ibnu Yásir.** Dumating ang ama niya mula sa Yemen, nanahan sa Makkah at napangasawa si Summayah Bint Khayyár. Nabiyayaan sila roon ng anak nila: si 'Ammár. Nagdali-dali ang maliit na mag-anak na ito sa pagpasok sa Islam. Kaya nakaharap nila ang matinding pasakit mula sa mga Qurayshí. Pinagdusa sila ng isang matinding dusa upang hadlangan sila sa Relihiyon nila. Ibinilad siya sa nakapapasong araw sa disyerto ng Makkah nang walang tubig ni pagkain. Pinagsusugatan ang mga balat nila ng latigo. Nilagyan ang mga dibdib nila ng malaking bato. Subalit hindi iyon nakapagpatalikod sa kanila sa Relihiyon nila, bagkus nadagdagan pa sila ng lalong pagpupumilit. Napatay ang ina sa ilalim ng bigat ng pagpapahirap upang maging kauna-unahang martir sa Islam. Nagtiis ang ama at ang anak. Sa harap ng pagpupumilit na ito, wala nang natagpuang gawin ang mga Káfir kundi iwan sila matapos na hindi na nakayanan sila ng mga ito. Minahal ng Sugo (SAS) si 'Ammár ng matinding pagmamahal dahil sa nakita nito na katapatan niya at lakas niya sa katotohanan.

**Mus'ab Ibnu 'Umayr.** Siya ay isang binatang nasa tugatog ng kakisigan at yaman. Namuhay siya na pinagtatampisaw sa kaginhawahan at kariwasaan. Narinig ng binatang ito ang pinag-uusapan ng mga mamamayan ng Makkah tungkol kay Muhammad (SAS), ang matapat. Si Muhammad (SAS) na nagsasabi na si Allah ay nagsugo sa kanya bilang tagapag-anyaya sa pagsamba kay Allah lamang at pagwaksi sa pagsamba sa ano mang iba pa kay Allah. Narinig niya na si Muhammad (SAS) ay nakikipagtipon sa mga Kasamahan nito sa tahanan ni al-Arqam Ibnu Abi al-Arqam. Binibigkas nito sa kanila ang Qur'an at itinuturo sa kanila ang bagong Relihiyon nila. Nagpasya siya, isang gabi, na magpunta sa kanila at pakaalamin kung ano ang ipinangangaral ng Propeta na ito. Hindi naglaon nang marinig niya ang mga talata ng Qur'an at pumasok ang pananampalataya sa puso niya. Nagpasya siya na yumakap sa Islam subalit ipinasya niya na ikubli ang pagyakap niya sa Islam hindi dahil sa pangamba sa mga Qurayshi kundi dahil sa pangamba sa ina niya na nagmamahal sa kanya nang matindi. Iginagalang niya ito nang malaking paggalang. Nagpatuloy siya sa pagbalik-balik sa Sugo (SAS) at sa mga Kasamahan nito sa tahanan ni al-Arqam, subalit ang isa sa mga Mushrik ay minsang nakakita sa kanya na pumapasok sa tahanang iyon kaya nagdali-dali ito sa pagbalita sa ina ni Mus'ab.

Walang naging tugon ang ina kundi na ikinulong nito si Mus‘ab sa isa sa mga silid ng bahay, sa pagtatangkang mapilit siya na tumalikod sa Relihiyong Islam. Subalit siya ay lalong nadagdagan sa pagpumilit sa pagkapit sa Relihiyon niya. Pagkatapos noong matapos na makatakas siya sa pagkakulong sa kanya ay pinagkaitan siya ng ina niya ng lahat ng bagay, ng kasuutan, pagkain at salapi. Kaya ang mayamang binata na iyon ay naging isang maralita na nagsusuot ng sinulsi-sulsing tagpi-tagping mga kasuutan. Talagang tinangka ng butihing anak na ito na anyayahan ang ina niya sa Islam ngunit ito ay tumanggi at isinumpang hindi papasok sa Relihiyong ito kailanman. Dahil sa malaking kalagayan ni Mus‘ab sa paningin ng Sugo ni Alalh (SAS) ay isinugo siya ng Marangal na Propeta (SAS) sa Madínah upang anyayahan ang mga mamayan doon sa Islam. Nang dumating siya roon ay walang ibang Muslim doon maliban pa sa labingdalawang Muslim. Subalit pagkatapos ng ilang buwan, tinugon siya ng halos lahat ng mga mamayan ng Madínah, dahil na rin sa kagandahang-loob ni Allah.

Sa labanan sa Uhud, matapang na nakipaglaban ang magiting na binatang ito habang dala-dala ang watawat ng mga Muslim sa isang kamay at ang tabak sa isa pang kamay. Pinagtulungan siya ng mga Mushrik. Tinaga siya ng isa sa mga Mushrik at naputol ang isang

kamay niya kaya hinawakan niya ang watawat sa pamamagitan ng ibang kamay at nagpatuloy siya sa pagtatangol sa sarili. Tinaga na naman siya ng isang Mushrik at naputol naman ang isa pang kamay niya subalit pinagdaop ng magiting na binatang ito ang dalawang braso niya sa watawat at dinala ito. Tinusok naman siya ng Mushrik na iyon ng sibat sa dibdib niya at bumagsak si Mus‘ab Ibnu ‘Umayr na walang buhay at bumagsak din ang watawat. Nakita siya ng Sugo (SAS) kaya binigkas nito ang sinabi ni Allah (33:23): **“Mayroon sa mga mananampalataya na mga kalalakihang tinotoo ang ipinangako nila kay Allah”**

**Si Umm Sharík Ghuzayyah Bint Jábir.** Noong malaman ng pamilya ng asawa niya ang tungkol sa pagyakap niya sa Islam ay sinabihan nila siya na talagang pahihirapan nga nila siya ng isang matinding pagpapahirap. Sinabi pa ni Ghuzayyah: “Pinaalis nila ako sa tahanan namin at isinikay nila ako sa isang kamelyo na pinakamasama sa mga sasakyan nila at pinakamabangis. Pinakakain nila ako ng tinapay na may pulotpukyutan ngunit hindi nila ako pinaiinom ni isang patak ng tubig hanggang sa magtanghali at uminit ang araw habang kami ay napapaso. Sumilong sila at itinukod nila ang mga kubol nila at iniwan nila ako sa ilalim ng araw. Naglaho ang malay ko, ang pandinig ko at ang

paningin ko. Ginawa nila iyon sa akin ng tatlong araw. Nagsabi sila sa akin sa ikatlong araw: Iwan mo na ang pinaniniwalaan mo."

Sinabi pa niya: "Wala na akong nalaman sa sinasabi nila kundi salita pagkatapos ng salita. Itinuro ko ang daliri ko sa langit, na nagpapahiwatig sa Tawhíd."

Sinabi pa niya: "Kaya sumpa man kay Allah, tunay na ako ay talagang nasa kalagayang iyon—at humantong na sa akin ang mahahantungan ng hirap—nang natagpuan ko ang lamig ng timba sa ibabaw ng dibdib ko. Kinuha ko ito uminom ako mula rito ng isang lagok pagkatapos ay inalis sa akin kaya kumilos ako na tumitingin. Walang anu-ano'y nakabitin ito sa pagitan ng langit at lupa. Hindi ko nakayang abutin. Pagkatapos ay ibinaba sa akin sa ikalawang pagkakataon kaya uminom ako mula rito ng isang lagok, pagkatapos ay inangat. Kumilos na naman ako na tumitingin. Walang anu-ano'y nakabitin na naman ito sa pagitan ng langit at lupa. Pagkatapos ay ibinaba sa akin sa ikatlong pagkakataon kaya uminom ako mula rito hanggang sa mabusog at nagbuhos ako sa ulo ko, mukha ko at damit ko."

Sinabi pa niya: "At lumabas sila, tumingin sila at nagsabi sila: Saan nagmula [ang tubig] mo na ito, o kaaway ni Allah. Kaya nagsabi ako sa kanila: Tunay na ang kaaway ni Allah ay ang iba sa akin na sumasalungat sa Relihiyon Niya. Tungkol naman sa sabi ninyo

na saan nagmula [ang tubig na] ito, mula kay Allah [ito]: isang panustos na itinustos sa akin ni Allah."

Sinabi pa niya: "Kaya lumisan sila na nagdadali-dali patungo sa mga sisidlan ng tubig nila at natagpuan nila ang mga ito na nakabigkis hindi nakalag. Kaya nagsabi sila: Sumasaksi kami na ang Panginoon mo ay ang Panginoon namin, at na ang nagtustos sa iyo ng [tubig na] itinustos sa iyo sa pook na ito matapos na ginawa namin sa iyo ang nagawa namin ay ang nagpasimula ng Islam. Kaya yumakap sila sa Islam at lumikas nang sama-sama tungo sa Sugo ni Allah (SAS). Nalalaman nila ang kagandahang-loob ko sa kanila at ang ginawa sa akin ni Allah."

O Allah, tunay na kami ay humihingi sa Iyo ng katatagan sa pananampalataya. Ang huling dalangin natin ay na ang papuri ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang.